# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 17*
# *Ang Paghatol ng Dios – Ang Pintuan ng Pagasa*

***"At ibibigay ko sa kaniya ang kaniyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa; at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto." (Hosea 2:15 KJV)***

Ang Dios ay napaka partikular sa Kanyang Salita upang alalahanin ang masakit na pangyayari sa kasaysayan sa buhay ng Kanyang bayan, at itinuturing Niya ang mga pangyayaring ito na magbibigay ng pagpapala sa kanila. Kaya't kapag nagpadala ang Dios ng paghatol hindi mo dapat makita ang masakit at nakakapinsalang bahagi nito kundi ang mabubuting bagay nito at ang mabuting layunin ng Dios mula sa natatanging pangyayari. Sa aklat ng Josue hinarap ng Dios ang kasalanang ginawa ni Achan na anak ni Carmi laban sa Dios, Ating basahin ang buong salaysay:

***"1 Nguni't ang mga anak ni Israel ay nakagawa ng pagsalangsang sa itinalagang bagay: sapagka't si Achan na anak ni Carmi, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa lipi ni Juda; ay kumuha sa itinalagang bagay, at ang galit ng Panginoon ay nagningas laban sa mga anak ni Israel. 2 At mula sa Jerico ay nagsugo si Josue ng mga lalake sa Hai na nasa siping ng Beth-aven, sa dakong silanganan ng Beth-el, at nagsalita sa kanila, na nagsasabi, Sumampa kayo at tiktikan ninyo ang lupain. At ang mga lalake ay yumaon at tiniktikan ang Hai. 3 At sila'y nagsibalik kay Josue, at sinabi sa kaniya, Huwag sumampa ang buong bayan, kundi sumampa lamang ang dalawa o tatlong libong lalake at sugatan ang Hai; huwag mong pagurin ang buong bayan doon; sapagka't sila'y kakaunti. 4 Sa gayo'y sumampa roon sa bayan ay may tatlong libong lalake: at sila'y tumakas sa harap ng mga lalake sa Hai. 5 At ang mga lalake sa Hai ay sumakit sa kanila ng may tatlong pu't anim na lalake; at hinabol nila sila mula sa harap ng pintuang-bayan hanggang sa Sebarim, at sinaktan sila sa babaan: at ang mga puso ng mga tao ay nanglumo, at naging parang tubig. 6 At hinapak ni Josue ang kaniyang mga suot, at nagpatirapa sa lupa sa harap ng kaban ng Panginoon hanggang sa kinahapunan, siya at ang mga matanda ng Israel; at sila'y nagsipagbuhos ng alabok sa kanilang ulo. 7 At sinabi ni Josue, Ay, Oh Panginoong Dios, bakit mo pinatawid ang bayang ito sa Jordan, upang ibigay kami sa kamay ng mga Amorrheo, na ipalipol kami? nakatigil sana kaming masaya at nakatahan sa dakong yaon ng Jordan! 8 Oh Panginoon, anong aking sasabihin pagkatapos na ang mga anak ng Israel ay makatalikod sa harap ng kanilang mga kaaway! 9 Sapagka't mababalitaan ng mga Cananeo at ng lahat na nananahan sa lupain, at kami ay kukubkubin at ihihiwalay ang aming pangalan sa lupa: at ano ang iyong gagawin sa iyong dakilang pangalan? 10 At sinabi ng Panginoon kay Josue, Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito? 11 Ang Israel ay nagkasala; oo, kanilang sinalangsang din ang aking tipan na aking iniutos sa kanila; oo, sila'y kumuha rin sa itinalagang bagay, at nagnakaw rin, at nagbulaan din; at sila'y naglagay rin sa kanilang sariling daladalahan. 12 Kaya't ang mga anak ni Israel ay hindi makatatayo sa harap ng kanilang mga kaaway; sila'y tumalikod sa harap ng kanilang mga kaaway, sapagka't sila'y naging sinumpa: ako'y hindi na sasa inyo pa, maliban sa inyong sirain ang itinalagang bagay sa gitna ninyo. 13 Bumangon ka, papagbanalin mo ang bayan, at sabihin mo, Mangagpakabanal kayo sa kinabukasan: sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, May itinalagang bagay sa gitna mo, Oh Israel: ikaw ay hindi makatatayo sa harap ng iyong mga kaaway, hanggang sa inyong alisin ang itinalagang bagay sa gitna ninyo. 14 Sa kinaumagahan nga ay lalapit kayo ayon sa inyong mga lipi: at mangyayari, na ang lipi na pipiliin ng Panginoon ay lalapit ayon sa mga angkan: at ang angkan na pipiliin ng Panginoon ay lalapit ayon sa mga sangbahayan; at ang sangbahayan na pipiliin ng Panginoon ay lalapit bawa't lalake. 15 At mangyayari, na ang makunan ng itinalagang bagay ay susunugin sa apoy, siya at ang lahat niyang tinatangkilik: sapagka't kaniyang sinalangsang ang tipan ng Panginoon, at sapagka't siya'y gumawa ng kaululan sa Israel. 16 Sa gayo'y bumangong maaga si Josue sa kinaumagahan, at inilapit ang Israel ayon sa kanilang mga lipi: at ang lipi ni Juda ay napili: 17 At kaniyang inilapit ang angkan ni Juda; at napili ang angkan ng mga Zeraita: at kaniyang inilapit ang angkan ng mga Zeraita na bawa't lalake; at si Zabdi ay napili: 18 At kaniyang inilapit ang kaniyang sangbahayan bawa't lalake: at si Achan, na anak ni Carmi, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa lipi ni Juda, ay napili. 19 At sinabi ni Josue kay Achan, Anak ko, isinasamo ko sa iyo, na iyong luwalhatiin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, at magpahayag ka sa kaniya; at ipahayag mo sa akin ngayon kung ano ang iyong ginawa; huwag kang maglihim sa akin. 20 At sumagot si Achan kay Josue, at sinabi, Sa katotohanan ay nagkasala ako laban sa Panginoon, sa Dios ng Israel, at ganito't ganito ang aking ginawa: 21 Nang aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang dila na ginto, na limang pung siklo ang timbang, ay akin ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakukubli sa lupa sa gitna ng aking tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon. 22 Sa gayo'y nagsugo si Josue ng mga sugo at kanilang tinakbo ang tolda; at, narito, nakakubli sa kaniyang tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon. 23 At kanilang kinuha sa gitna ng tolda, at dinala kay Josue, at sa lahat ng mga anak ni Israel; at kanilang inilapag sa harap ng Panginoon. 24 At kinuha ni Josue, at ng buong Israel na kasama niya, si Achan na anak ni Zera at ang pilak, at ang balabal, at ang dila na ginto, at ang kaniyang mga anak na lalake at babae, at ang kaniyang mga baka, at ang kaniyang mga asno, at ang***

***kaniyang mga tupa, at ang kaniyang tolda, at ang lahat niyang tinatangkilik: at kanilang isinampa sa libis ng Achor. 25 At sinabi ni Josue, Bakit mo kami binagabag? babagabagin ka sa araw na ito ng Panginoon. At binato siya ng mga bato ng buong Israel; at sinunog nila sila sa apoy, at binato sila ng mga bato. 26 At kanilang binuntunan siya ng malaking bunton na mga bato, hanggang sa araw na ito; at ang Panginoon ay nagpigil ng kabangisan ng kaniyang galit. Kaya't ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na, Ang libis ng Achor, hanggang sa araw na ito." (Joshue 7:1-26 KJV)***

Mula sa paaran na inilagay ng Dios ang Kanyang paghatol kay Achan at sa kanyang pamilya, at sa buong Israelita at hinatulan ang kasalanang ginawa, mapagtatanto natin ang mahalagang babala mga aral at tulad ng sumusunod:

***1. Ang paghatol ng Dios ay biglaan:*** Ang Dios ay nanahimik sa loob ng ilang panahon na pagbibigay ng pagkakataon kay Achan na ipagtapat ang kanyang kasalanan at itakwil ito at ibalik ang kanyang ninakaw sa kaban ng Dios. Ngunit nang hindi siya'y nabigong magsisi ay kumilos ang Dios at hinatulan siya. Kaya't, ilagay sa iyong isipan, Maaring nanahimik ang Dios sa ilang panahon sa isang tiyak na kasalanan na ginagawa mo, naghihintay para ikaw ay magsisisi at baguhin ang iyong mga landas. Ngunit kapag hindi ka nagsisi, kung gayon ang Dios ay maaring kumilos nang bigla sa panahon na di mo inaasahan at ilalantad ang iyong kasalanan at harapin ka.

***2. Ang paghatol ng Dios ay sukdulan:*** si Achan at ang buong pamilya niya ay naapektuhan sa paghatol ng Dios; sapagkat silang lahat ay pinatay. Bakit pinatay silang lahat ng Dios? Dahil sigurado alam nila ang ginawa ng kanilang ama, ngunit hindi nila ginawa ang kanilang tungkulin upang kumbinsihin siya na magsisi, ni iniulat nila siya. Kaya't, ilagay sa iyong isipan, kapag nagkasala ka kung gayon ang mga nagtatakip sa iyong kasalanan sila'y maapektuan sa pamamagitan mo. Gayundin ilagay sa iyong isipan na kapag pinagtakpan mo at kinondena ang kasalanan ng iba kung gayon tiyak kapag hinatulan ng Dios ang taong iyon na gumawa ng gayong kasalanan, ang paghatol ng Dios ay aabot din sa iyo.

***3. Ang paghatol ng Dios ay katarungan:*** Kailan ma'y hindi ibibigay ng Dios sa Kanyang bayan ang tagumpay laban sa masasamang tao ng lupain kung ang Kanyang bayan ay pinanatili ang kasalanan sa kanilang buhay at gumagawa ng mali gaya ng mga hindi mananampalataya. Kaya't, ilagay sa iyong isipan , na kapag sinimulan mong lumayo sa Dios na ginagawa ang ilang mga kasalanan kung gayon mawawala ang paglingap ng Dios sa iyong buhay at ibaba at hahayaan ng Dios ang mga kaaway na mag aklas laban sa iyo at managumpay laban sa iyo.

***4. Ang paghatol ng Dios ay nasa kapaligiran ng simbahan:*** Si Josue at ang buong mga Israelita ay pinakilos at pinilit na harapin ang kasalanan. Nabigo ang Dios sa kanilang unang pagsubok na sakupin ang lungsod ng Ai, at nagdudulot sa kanila ng ilang pagkawala. Ang gayon ay ipinahintulot ng Dios upang maituon ang kanilang pansin sa isang kasalanan sa loob ng simbahan. Samakatuwid, ang buong simbahan ay pinakilos upang malaman ang tanging taong iyon at ang pamilya na kumikilos nang salungat sa kalooban at mga utos ng Dios. Kaya't ilagay sa iyong isipan, na kapag ang simbahan ay nalantad sa tiyak na paggapi, kung gayon kailangan nating pagsikapang makita kung ano ang nakatagong kasalanan at ang mga taong salarin na mananagot para sa gayong kasalanan at harapin ang mga ito.

***5. Ang paghatol ng Dios ay maglalantad ng kasalanan at motibo sa likod nito:*** Ang pagkaganid ni Achan at ang kanyang kasakiman ay ang nasa likod ng kasalanang iyon. Nang inilanats ng Dios ang kasalanang iyon, ipinakita din kung anong nasa puso ni Achan ng pag iimbor, na isinantabi niya ang utos ng Dios at binigyang daan sa kanyang makasalanang puso. Ang gayong kasalanan ay nagbigay katuwiran sa paghatol ng Dios upang putulin ang kasalanang ito mula sa kalagitnaan ng kampo ng kanyang simbahan sa pagpatay sa taong gumawa nito at ang mga nanatiling tahimik na takpan ang ginawa niya. Ngunit ipinahintulot ng Dios ang pagkagapi ng mga Israelita upang ituon ang kanilang pansin sa kasalanang iyon upang harapin ito sa pagsunod sa Dios na hinihiling sa Kanyang bayan na manindigang kasama Niya laban sa kasalanan.

Ito ay kakila kilabot na paraan kapag ang kasalanan ay hindi napagsisihan at kalaunan ang Dios ay makikialam upang linisin ang Kanyang simbahan at putulin ang masama mula sa Kanyang bayan gaya ng nakita natin dito sa ginawa ng Dios sa kasalanan ni Achan. Sinalita ng Dios ang tungkol sa ***Joshue 7*** ang sumusunod sa pamamagitan ng Kanyang propetang si Hosea: ***"15 At ibibigay ko sa kaniya ang kaniyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa; at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto." (Hosea 2:15 KJV)*** ay ang parehong lugar na si Achan at ang Kanyang pamilya ay binato at sinunog. Ang libis ng Achor ang ibig sabihin ay ang libis ng kaguluhan. Dinala ng Dios ang malaking kaguluhan kay Achan at sa kanyang pamilaya na ginulo ang buong mga Israelita sa pamamagitan ng kanilang kasalanan at pagsuway sa Dios. Nang sinabi ng Dios, ***"at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa:"*** Ibig Niyang sabihin ang kaguluhang nangyari ay dahil sa kasalanan, at sa mga kaguluhan ang paghatol ng Dios ay dumating sa mga nagkasala, kung gayon ang

pintuang iyon ng pagasa at ang pasimula ng pagpapanumbalik ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan. Kung ang kasalanan ay hindi hinarap kung gayon ang bayan ng Dios ay hindi mas mabuti kaysa hindi mga mananampalataya. Kaya naman kapag hinaharap ka ng Dios nang matuwid para sa tiyak na mga kasalanan sa iyong buhay, kung gayon ikaw ay may mga kaguluhan bilang bunga niyon, ngunit kalaunan mayroong panunumbalik, at kaya sa paghatol ng Dios ay mayroong pagasa sapagkat kapag ang Dios ang humatol dadalhin Niya ang disiplina at pagwawasto at paglilinis mula sa masama, at ang mga aral para sa mga nagkasala upang humiwalay nang ganap sa mga kasalanan.

Ang mga ilang pangyayari sa buhay ng simbahan ay napakasakit at nakakalungkot kapag ang paghatol ng Dios ay nagdudulot ng mga pagkawala sa buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan. Ngunit ang gayong uri ng paghatol ay kinakailangan upang muling magdala ng pagwawasto, katarungan, pagpapakabanal, at ang pagtakot sa Dios ay muling maitatag sa buhay ng Kanyang simbahan.

Ang simbahan ay hindi dapat matakot na harapin ang kasalanan at harapin nang maayos ang mga lumabag sa mga utos ng Dios at gumawa ng masama. Ang simbahan ay dapat makipagtulungan sa Dios sa bagay na ito at sumunod sa KANYA kapag pinapatnubayan Niya ang simbahan na harapin ang mga gumawa ng kasamaan at itinago ang kanilang mga kasalanan. Wala nang pagasa sa simbahan ngayon kung hindi sasang ayon sa Dios sa libis ng Achor at harapin ang mga gumawa ng kasamaan laban sa Dios.

Mayroong pagasa at panunumbalik kapag ang kasalanan ay hinarap at hatulan ang makasalanan gaya ng mababasa natin dito: ***"At ibibigay ko sa kaniya ang kaniyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa; at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto." (Hosea 2:15 KJV)*** Ipaliwanag natin ang talatang ito at mahikayat pa sa mga pamamaraan ng Dios upang haraping wasto ang kasalanan.

***A. "At ibibigay ko sa kaniya ang kaniyang mga ubasan mula roon":*** Pagkatapos lamang ng paghatol ay ibabalik at ibibigay ng Dios sa Kanyang bayan ang magagandang bagay na pupuspusin ang kanilang buhay ng paglingap ng Dios at ng mga kapanatagan at kagalakan. Kaya't magalak kayo gaya ng pagsaway sa inyo ng Dios, sapagkat pagkatapos nito ay pagpapalain kayo ng Dios.

***B. "at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa":*** pagkatapos ng pagharap sa kasalanan at hatulan ang mga nagkasala, ang kawalang pag asa na sinamahan ng poot ng Dios ay mapapalitan ng pag asa at pagtitiwala sa kabutihan ng Dios. Bilang pagtitiis mo sa pagtanggap ng disiplina ng Dios at pagsisisi sa iyong mga kasalanan kung gayon ang iyong pananampalataya ay lalakas at magtitiwala sa Dios na Siya ay magpapanumbalik sa iyo.

***C. "At siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto":*** Ang kagalakan ay manunumbalik, at maraming patotoo ang sasalitain at sasabihin tungkol sa kabutihan ng Dios, tulad ng nangyari nang iligtas ng Dios ang Kanyang bayan mula sa lupain ng Egipto mula sa kamay ni Faraon at ng mga Egipcio. Sa parehong paraan, habang ang iyong pananampalataya ay tataas habang sinisimulang ibalik ka ng Dios pagkatapos ay sisimulan mong purihin ang Dios at magpatotoo tungkol sa Kanyang kabutihan at katapatan.

Ang libis ng Achor ay binanggit din sa aklat ng Isaias, ***"10 At ang Saron ay magiging kulungan ng mga kawan, at ang libis ng Achor ay dakong higaan ng mga bakahan, dahil sa aking bayan na humanap sa akin." (Isaias 65:10 KJV)*** Dito ang libis ng Achor, kung saan ay ang libis ng kaguluhan ay ang dako para sa mga halaman upang higaan, ***"at ang libis ng Achor ay dakong higaan ng mga bakahan,"*** Sinabi ni David ang tungkol sa Dios, ***"Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan: pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan," (Awit 23:2 KJV)*** Kapag sumunod ka sa Dios at nakipagtulungan sa Kanya upang harapin ang kasalanan kung gayon iyon ang paraan para sa iyo upang hanapin ang Dios, at sa paraang ito, ang libis ng Achor ay magiging luntiang pastulan para sa iyo at ang iyong buhay ay guminhawa at manariwa, at ikaw ay mapapanibago gaya ng sinabi sa ***(Hosea 2:15 KJV) "At ibibigay ko sa kaniya ang kaniyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa; at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto."***

***"At ang libis ng Achor ay dakong higaan ng mga bakahan, dahil sa aking bayan na humanap sa akin."*** Ang paraan upang hanapin ang Dios at lumapit sa Kanya ay kapag sumunod tayo sa Kanya at putulin ang kasalanan mula sa kalagitnaan natin. Ang simbahan na hindi nakikipagkasundo at nililinis ang kanyang mga kasapi at ministeryo mula sa mga kasalanan ay isang Dios na naghahanap ng simbahan. Totoo na ang disiplina at pagharap sa kasalanan kadalasan ay nagdudulot ng pansamantalang mga problema at pagkawala sa simbahan tulad ng nangyari sa ***Joshue 7,*** ngunit kalaunan bilang ang simbahan ay sumunod at nanindigan kasama ng Dios, ibabalik ng Panginoon ang Kanyang pagpapala sa simbahan at sa Kanyang bayan.

Kapag hinaharap ng simbahan ang kasalanan ng ilang mga kasapi ay magagalit at maaaring umalis sa simbahan. Maaaring masakit iyon, ngunit ang simbahan ay hindi uunlad sa tagumpay at susulong at mapaunlad sa mga bagong lugar maliban kung ang kasalanan ay harapin.

Ang paraang hanapin ng mga ministro at pinuno ang Dios ay kapag sila'y nakatayo sa pintuan ng Hades na hinaharap ang mga kasalanan at pinapalayas ang mga demonyo at lumalaban sa kapangyarihan ng kadiliman. Ang pagiging kampante at pagsasantabi ng disiplina ng Dios, at pakikipagkasundo sa kasalanan, iyon ang magdudulot ng higit pang pagkaalipin at kaguluhan sa buhay ng simbahan at ng Kanyang bayan.

Sa ***Mga Gawa 5*** mababasa natin na matapang na hinarap ni Pedro ang kasalanan gaya nang matapang na hinarap ni Josue ang kasalanan ni Achan sa ***Josue 7***. Basahin natin ang buong pangyayari niyon:

***"36 At si Jose, na pinamagatang Bernabe ng mga apostol (na kung liliwanagin ay Anak ng pangangaral), isang Levita, tubo sa Chipre, 37 Na may isang bukid, ay ipinagbili ito, at dinala ang salapi at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 1 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari, 2 At inilingid ang isang bahagi ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 3 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? 4 Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios. 5 At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking takot ang lahat ng nangakarinig nito. 6 At nagsitindig ang mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya sa labas at inilibing. 7 At may tatlong oras ang nakaraan, nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. 8 At sinabi sa kaniya ni Pedro, Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa. At sinabi niya, Oo, sa gayon. 9 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas. 10 At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa." (Mga Gawa 4:36-;5:1-11 KJV)*** Ang paghatol ng Dios laban kay Ananias, kasama si Safira na kanyang asawa, ay tulad ng sumusunod:

***1. Ang paghatol ng Dios ay kaagad:*** Agad silang hinatulan ng Dios at hindi Siya nagbigay ng mahabang panahon para isipin nila ang kanilang kasalanan upang magsisi. Samakatuwid ang paghatol ng Dios ay darating at pagdating nito walang sinuman ang maaaring pumigil o ipagpaliban. Sa ilang panahon ang Dios ay nagbibigay ng mahabang puwang ng oras ngunit sa ibang pagkakataon walang puwang ng oras na ibinigay. Samakatuwid ang pagsisisi mula sa panig ng mga makasalanan at pagharap sa kasalanan at mga makasalanan mula sa panig ng simbahan ay walang ibang alternatibo dahil siguradong paghatol ng Dios ay darating. Kaya nga magsisi kaagad mula sa anumang kasalanan mo dahil ang paghatol ng Dios ay darating anumang oras at kahit ngayon.

***2. Ang paghatol ng Diyos ay Bigla:*** Ang pagkakalantad ng kasalanang iyon ay may biglaang pagkaunawa na ibinigay ng Dios kay Pedro upang matuklasan ang kasalanan nina Ananias at Safira. Kaya kailangan nating maging mapanuri at ipagkatiwala ang ating sarili sa Dios upang kusang loob na harapin ang kasalanan at mga makasalanan gaya ng paglalantad sa kanila ng Dios.

***3. Ang paghatol ng Diyos ay Sukdulan:*** Sinikap nina Ananias at Safira na itago ang kanilang maling motibo, ngunit inilantad sila ng Dios at hinarap sila. Dinala nina Ananias at Safira ang ilang pera sa simbahan, ngunit agad pa rin silang pinatay ng Dios sa paghatol sa kanilang maling motibo na magbigay. Ang kabanalan sa Dios ay mas mahalaga sa buhay ng simbahan kaysa sa kanilang pananalapi. Nagbigay sina Ananias at Safira dahil nais nilang makilala ang kanilang pangalan bilang mga nagbibigay, at maging katulad ni Bernabe, na buong pusong nagbigay sa Dios tulad ng mababasa natin dito, ***"36 At si Jose, na pinamagatang Bernabe ng mga apostol (na kung liliwanagin ay Anak ng pangangaral), isang Levita, tubo sa Chipre, 37 Na may isang bukid, ay ipinagbili ito, at dinala ang salapi at inilagay sa mga paanan ng mga apostol." (Mga Gawa 4:36-37 KJV)***

***4. Nalantad ang kasalanan at ang motibo sa likod nito:*** Ang kasalanan nina Ananias at Safira ay pagmamalaki at pagpapakitang gilas. Gusto nilang sabihin na kahit ang kanilang sarili ay nagbibigay sila tulad ng iba bago sila nagbigay. Ang pagsisinungaling at pagkukunwari sa presensya ng Dios ay nagdala ng gayong pagkamuhi ng paghatol sa kanila.

***5. Ang paghatol ng Dios ay nasa loob ng kapaligiran ng simbahan:*** Ang simbahan ay lubos na nasaksihan ang paghatol ng Dios sa kasalanan nina Ananias at Safira. Ginawa ni Pedro at ng iba pang mga kabataang lalaki ang kanilang tungkulin at tumayo sa tabi ng Panginoon na nagpapatupad ng Kanyang paghatol sa mga makasalanan.

Samakatuwid, at sa parehong paraan kailangan nating tumayo nang buong puso sa Dios sa pagharap sa kasalanan at mga makasalanan.

***6. Ang takot sa Dios ay inilagay sa buong simbahan: "11 At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito." (Mga Gawa 5:11 KJV)*** Ang paghatol ng Dios ay nagbahagi ng pagtakot sa Dios sa mga nakarinig ng ginawa ng Dios sa pagharap sa kasalanan at sa mga lumabag laban sa Kanyang santuwaryo. Kailangan nating paunlakan ang paghatol ng Dios sa mga nagkakasala dahil ang Kanyang takot at magbabahagi sa simbahan at sa Kanyang bayan na mas mahihikayat na magsisi at talikdan ang kanilang mga kasalanan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Dios ay maaaring gumawa ng mahimalang paraan sa pamamagitan ng Kanyang simbahan upang harapin ang kasalanan at ang mga nagtatago sa pagsasagawa ng kasamaan. Kapag nililinis ng Dios ang Kanyang simbahan at ang pagharap sa kasalanan at mga makasalanan ay isang pagpapala. Ang ating pag asa ay manunumbalik kapag hinanap natin ang Dios at tumayo at sumang ayon sa Kanya kung paano Niya hinaharap ang kasamaan.

Tayo ay manalangin……

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa aking bagong mga bagay. Salamat Panginoon para sa bawat oras na hinaharap mo ang kasalanan at masasamang tao na itinatago ang kanilang mga kasalanan.*

*Lumapit ngayon sa Panginoon, magsisi, at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong kasamaan, kamunduhan, ang pagibig sa salapi, pag iimbot, pagmamalaki, pagpapakitang gilas, pagsisinungaling, ang iyong maling motibo ng pagbibigay, ang iyong pagtatakip at pagkokondena ng kasalanan.*

*Panginoon patawarin ako, tinatalikdan at pinagsisihan ko ang mga sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking buhay na manindigan kasama mo at huwag madismaya sa panahong katulad nito. Panginoon alalayan ako at itaas ako ng iyong biyaya upang patuloy na maglingkod sa iyo at tuparin ang iyong layunin. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay sa iyo upang mamuhay sa kabanalan at maglingkod sa iyo at manindigan kasama mo sa pagharap sa kasalanan. Panginoon itaas kami ng iyong biyaya, protektahan kami at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at alalayan sila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at itaas kami ng iyong biyaya at awa upang patuloy kaming maglingkod sa iyo. Panginoon ipinapangako namin an gaming buhay sa iyo upang linisin ang aming sarili at an gaming pamilya at ang iyong simbahan mula sa mga kasalanan at mamuhay sa kabanalan, nakatayong kasama mo sa panahon na hinaharap mo ang kasalanan at ang mga makasalanan. Panginoon ipinangako namin an gaming sarili na tumayong matatag na harapin ang makasalanang gawain, upang ituwid ang iyong bayan at sawayin at harapin ang mga taong nagpupumilit sa kanilang mga kasalanan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag evangelio, abutin ang bagong mga tao sa evangelio ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad, at sanayin ang bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong mga pag aaral at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 17. Ang Paghatol ng Dios – Ang Pintuan ng Pagasa. Hosea 2:15. Joshue 7:1-26. Isaias 65:10. Awit 23:2. Mga Gawa 4:36-5:11.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com